Umiiral at Binabalak na Mga Panukala
sa Pagsusulong ng Pagkakapantay-pantay ng Lahi

Ang Akademya ng Hong Kong para sa Edukasyon ng Mga Likas na Matalino
(The Hong Kong Academy for Gifted Education)

Ang Akademya ng Hong Kong para sa Edukasyon ng Mga Likas na Matalino Limitado (nakarehistro sa ilalim ng Ordinansa sa Edukasyon bilang 'Ang Akademya ng Hong Kong para sa Edukasyon ng Mga Likas na Matalino') (HKAGE) ay itinala bilang isang korporasyon noong 2007 at naging pinondohang organisasyon noong 2017. Ang HKAGE ay naglalayong maging isang rehiyonal na sentro ng mga uri nito na may epektibong balangkas para sa estratehikong pagpaplano at paghahatid ng naaangkop na mga programa upang hikayatin at alagaan ang mga likas na matalinong mag-aaral, at magbigay ng suporta sa kanilang mga guro at magulang pati na rin sa iba pang mga mananaliksik at mga kaugnay na organisasyon sa loob ng Hong Kong SAR.

Mga Serbisyong May Kinalaman

- Ang HKAGE ay nagbibigay ng mga pagkakataon sa pag-aaral sa labas ng paaralan para sa mga likas na matalinong mag-aaral na may edad 10 hanggang 18 taon na idinisenyo upang hikayatin silang abutin ang kanilang potensyal sa malawak na hanay ng mga katayuan, kabilang ang pamumuno, pagkamalikhain at interpersonal na kasanayan, matematika, agham, sangkatauhan, atbp. at upang itaguyod ang pagunland ng buong-pagkatao at pangako sa komunidad.

- Ang HKAGE ay nagbibigay din ng konsultasyon at patnubay sa mga magulang, guro at panlipunang manggagawa, gayundin ng mga kurso sa pagsasanay para sa mga guro na dalubhasa sa kanilang mga katayuan.

- Bilang karagdagan, ang HKAGE ay magsasagawa ng pananaliksik at pagpapaunlad na nakakatulong sa napapanatiling paglago at pagsulong ng kaalaman sa edukasyon para sa likas na matalino ng Hong Kong.

Mga Umiiral na Panukala

- Ang HKAGE ay gumagamit ng Tsino at Ingles sa pagbibigay ng mga serbisyo nito, ibig sabihin, mga programa at kurso para sa mga mag-aaral, magulang at iba pang mga interesadong partido.

- Mga impormasyon tungkol sa aming serbisyo ay makukuha sa websayt ng HKAGE sa parehong Tsino at Ingles.

- Mga Form ng Nominasyon at iba pang mga form at polyeto ng

impomasyon sa parehong Tsino at Ingles ay magagamit sa publiko.

- Ang HKAGE ay nagtatag ng mga Alituntunin sa Pantay na Oportunidad at Pag-iwas sa Sekswal na Pananakot upang maalis ang anumang anyo ng diskriminasyon. Tinitiyak ng HKAGE na ang lahat ng gumagamit ng serbisyo ng magkakaibang lahi ay may pantay na pagkakataon na ma-access at magamit ang aming mga serbisyo.

- Ang isang paskil ay ipinapakita sa pasukan upang isapubliko ang pagkakaroon ng mga serbisyo sa wika na ibinigay ng CHEER (Sentro Para sa Etniko Minorya).

Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap

- Ang pagsusuri sa aming mga serbisyo ay isasagawa bawat tatlong buwan para sa mga pagpapabuti na gagawin, kung naaangkop.

- Ang katugunan o mungkahi mula sa mga mag-aaral at magulang o sinumang stakeholder ay isasaalang-alang para sa patuloy na pagpapabuti ng aming mga serbisyong ibinigay.

Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad

- Kung kailangan ng mga magulang ng suporta, makikipag-ugnayan ang HKAGE sa mga paaralan ng kanilang mga anak para sa tulong.

- Ang pangharapang kawani ay bibigyan ng kard ng pagkakakilanlan ng wika na inihanda ng CHEER para mapadali ang komunikasyon sa mga aplikante ng iba't ibang lahi kung kinakailangan.

Para sa mga katanungan tungkol sa umiiral at ipapatupad na mga hakbang para sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan kay Bb. Grace HUI, Pinuno ng Dibisyon ng Serbisyong Pangkorporasyon, para sa mga katanungan sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga pamamaraan:

Telepono	:	(852) 3940 0501
Fax	:	(852) 3940 0201
Email	:	academy@hkage.org.hk

Address sa Koreo	:	The Hong Kong Academy for Gifted Education Sha Kok Estate, Shatin, New Territories, Hong Kong.

Ang Akademya ng Hong Kong para sa Edukasyon ng Mga Likas na Matalino (The Hong Kong Academy for Gifted Education)
Mayo 2023